IJARSCT

ISSN (Online) 2581-9429

International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)

International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal

Impact Factor: 7.53

Volume 4, Issue 2, August 2024

# EKO-Naratibo sa Panitikang Bayan sa Surigao Hinggil sa Konserbasyon at Rehabilitasyon sa Kalikasan

**Navarro, Karmela Kaye J., Escultor, Gemma R**

Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract***:* *Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang representasyon ng kalikasan sa panitikang Surigaonon, na nakatuon sa paggamit ng eko-naratibo bilang pangunahing pamamaraan ng pagsusuri. Ang eko-naratibo ay isang anyo ng pagsasalaysay na nagbibigay-diin sa mga isyu kaugnay ng kalikasan, kapaligiran, at ekolohiya. Sa konteksto ng Surigao, ang mga kuwentong-bayan at akdang pampanitikan ay naglalaman ng mga naratibong nagpapakita ng malalim na koneksyon ng mga tao sa kanilang kapaligiran, na siyang nagtatampok ng mga tradisyonal na pananaw at kaugalian sa pangangalaga sa kalikasan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga akdang ito, layunin ng pag-aaral na maipakita ang kahalagahan ng eko-naratibo bilang isang instrumento ng kamalayan at edukasyon, na maaaring magamit upang mapalakas ang kamalayan sa kalikasan at pagpapahalaga sa likas na yaman ng rehiyon. Ipinapakita rin ng pag-aaral kung paano nagiging mahalagang bahagi ng kultura at identidad ng mga Surigaonon ang kanilang mga kwento at panitikan, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at responsableng pangangalaga sa kalikasan*

**Susing Salita:** Panitikan, Eko-naratibo, Kalikasan, Surigaonon, Kultura